Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

26 Mayo 2024 — Dakilang Kapistahan ng Tatlong Persona sa Isang Diyos — Taon B

# Ang Banal na Santatlo – Bukal ng Ating Buhay at Kagalakan



*Ang Banal na Santatlo ang pangunahin at pinakadakilang misteryo ng ating pananampalataya. Sumasampalataya tayo sa isang Diyos na isang "pamilya ng mga personang" nabubuklod ng pinakadakila't ganap na pag-ibig: Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo.*

*Ipinahahayag natin ang ating pananampalataya sa Banal na Santatlo sa pagdarasal natin ng "Sumasampalataya," "Luwalhati…," at kapag tayo'y nag-aantanda ng Krus. Ngunit ang pinakamahusay nating pagpapahayag ng pananampalataya ay ang ating pamumuhay. Tunay na ang buhay natin ay dapat na maging pagtugon ng pag-ibig sa Diyos na ating AMA, KAPATID, AT KAIBIGAN.*

*Ang pagtutuon natin sa tatlong Banal na Persona ay di naman naglalayo sa atin sa ating kapwa. Sa katunayan, pinagtitibay pa nga nito ang ating pag-ibig sa lahat nating mga kapatid, pagka't ang bawa't isa atin ay sumasalamin sa Banal na Santatlo.*
*Sa Eukaristiyang ito, hilingin natin ang biyayang maisabuhay ang ganitong dakilang katotohanan.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Purihin ang D'yos na banal na sa ati'y nagmamahal. Ama na Bukal ng buhay, Anak na s'ya nating Daan, Espiritung ating Tanglaw.**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** – Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Yamang tayo ay tinipon ng Banal na Santatlo, alalahanin natin ang ating pagiging di-karapat-dapat at ang pangangailangan natin sa pagpapatawad sa ating pagkakasala. *(Manahimik saglit.)*
***P*** – Diyos naming Ama, Ikaw ang aming pinagmulan at siya ring katuparan ng aming mga mithiin. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**
***P*** – Diyos na aming Kapatid, naparito ka upang makibahagi sa aming kahirapan at pawiin ang aming mga kasalanan at upang makabahagi kami sa iyong kayamanan. Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**
***P*** – O Diyos, na aming Kaibigan at Kasiyahan, nananahan Ka sa aming katawan bilang Iyong templo kung kaya't kami ay naging kalarawan ni Kristo, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**
***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos,

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

**Panalanging Pambungad**

***P*** – Ama naming makapangyarihan, sa iyong pagsusugo sa Salitang Diyos na totoo at maaasahan at sa pagbibigay mo ng Espiritung nagpapabanal sa sanlibutan, ipinahayag ang iyong kahiwagaang dakila sa sangkatauhan. Sa pananampalatayang amin ngayong ipinagdiriwang, ipagkaloob mong aming maidangal ang Tatlong Persona sa walang hanggang kadakilaan at aming sambahing lubusan ang iyong iisang pagka-Diyos sa mahal na kapangyarihan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** – **Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Deut 4:32-34. 39-40*

*Pagsapit sa dulo ng kanilang paglalakbay sa disyerto, ipinaalaala ni Moises sa bayang Israel ang magagandang nagawa na ng Diyos sa kanila.*

***L*** – Pagbasa mula sa Aklat ng Deuteronomio

**Sinabi ni Moises sa mga tao: "Isipin ninyo kung may naganap nang tulad nito, nasaksihan o nabalitaan man lamang, mula nang likhain ng Diyos ang daigdig. Maliban sa inyo, sino pa ang nakarinig sa tinig ng Diyos mula sa haliging apoy, at nanatiling buhay? Sinong Diyos ang naglabas ng isang buong lahi mula sa isang bansa upang maging kanya sa pamamagitan ng pakiki-pagsubukan ng kapangyarihan, ng kababalaghan, ng digmaan, at ng makapangyarihang mga gawa, tulad ng ginawa ng Panginoon sa Egipto?**

**Dahil dito, dapat ninyong malaman na sa langit at sa lupa'y walang ibang Diyos liban sa Panginoon. Kaya nga, dapat ninyong sundin ang kanyang mga utos at tuntuning sinasabi ko sa inyo ngayon. Sa gayon, mapapanuto kayo at ang lahing susunod sa inyo; magtatagal kayo habang panahon sa lupaing ibinigay niya sa inyo."**

Ang Salita ng Diyos!

***B*** – **Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 33*

***B*** – ***Mapalad ang ibinukod na bansang hinirang ng Diyos!***

*R. M. Velez*




* **Panginoo'y tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa. Minamahal niya ang gawang matapat, ang pag-ibig niya sa mundo'y laganap. B.**

* **Sa utos ng Poon, nalikha ang langit, ang araw, ang buwa't talang maririkit; ang buong daigdig sa kanyang salita ay pawang nayari, lumitaw na bigla. B.**

* **Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga. Hindi babayaang sila ay mamatay, kahit magtaggutom sila'y binubuhay. B.**

* **Ang ating pag-asa'y nasa Panginoon; siya ang sanggalang natin at katulong. Ipagkaloob mo na aming makamit, O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig, yamang ang pag-asa'y sa 'yo nasasalig! B.**

**Ikalawang Pagbasa** *Ro 8:14-17*

*Dahil sa presensiya ng Banal na Espiritu, tayo'y pinagpala ng mapagligtas na kaugnayan sa dalawang iba pang Banal na Persona. Ito rin ay siyang sandigan ng ating pag-asa sa ating pangwakas na kaluwalhatian.*

***L*** – Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

**Mga kapatid, ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos. Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling matakot. Ang tinanggap ninyo ay espiritu ng pagiging anak, at ito ang nagbibigay sa atin ng karapatang tumawag ng "Ama! Ama ko!"**

**Ang Espiritu nga ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Kristo. Sapagkat kung tayo'y nakikipagtiis sa kanya, tayo'y dadakilain ding kasama niya.**

Ang Salita ng Diyos!

***B*** – **Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Pah 1:8***

***B*** – **Aleluya! Aleluya!**
**Dakila ang Amang mahal,**
**Anak, Espiritung Banal,**
**noon, ngayon, kailanpaman.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mt 28:16-20*

*Bago umakyat si Hesus sa langit, inatasan niya ang kanyang mga disipulong tipunin ang sangkatauhan sa isang mag-anak ng mga magkakapatid na nabubuklod ng pag-ibig ng Banal na Santatlo.*

***P*** – Sumainyo ang Panginoon!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

***P*** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

***B*** – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, ang labing-isang alagad ay nagpunta sa Galilea, sa bundok na itinuro sa kanila ni Hesus. Nang makita nila si Hesus, siya'y sinamba nila, bagama't may ilang nag-alinlangan.**

**Lumapit si Hesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Binyagan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*** – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** –Bilang Kristiyano, sumasampalataya tayo sa Banal na Santatlo yamang tayo'y bininyagan sa ngalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo. Dumulog tayo sa Kanila nang buong pananalig:

***B*** **–Ama, Anak, at Espiritu Santo, dinggin ang aming panalangin!**

* Para sa buong Simbahan, ang mag-anak ng Banal na Santatlo sa lupa: Nawa'y tupdin nito ang kautusan ni Kristong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng bansa nang walang takot o sagabal. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng binyagang nabibilang sa iba't ibang sekta ng mga Kristiyano: Nawa'y tipunin sila ng kanilang parehong pananampalataya sa Banal na Santatlo upang maibalik ang nasirang pagkakaisa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga bagong binyagan: Nawa'y manatili silang tapat sa kanilang mga pangako sa binyag at maging saksi sa bagong buhay na kaloob ng Banal na Santatlo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng ama at ina: Nawa'y sa Banal na Santatlo makatagpo sila't makahango ng inspirasyong magdudulot ng pagkakaisa at katatagan sa kanilang mag-anak. Manalangin tayo! ***B***

* Para sa ating lahat: Nawa'y lagi nating tandaang kasama natin ang Banal na Santatlo at makahango tayo rito ng galak at lakas ng loob. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** –Walang hangga't makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo, sa Iyo kami nagmula, sa Iyo kami nabubuhay, at sa Iyo kami patutungo. Tanggapin Mo nawa kami sa kabila ng aming pagiging di-karapat-dapat, at tulutan Mo kaming makibahagi sa buhay Mo magpakailanman.
***B*–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .
***B*–** **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, gawin mong banal ang mga alay na aming inihanda ngayong aming sinasamba at sinasambit ang ngalan mong dakila at pakundangan sa mga alay na ngayo'y nasa dambana kami nawa'y maging laging nakalaan sa iyong adhika sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–** **Amen!**

### Prepasyo

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!
***B*** **–At sumaiyo rin!**
***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P*–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kaisa ng iyong Anak at ng Espiritu Santo ikaw ay iisang Diyos na pinapanginoon ng mga tao. Ang iyong Anak at Espiritu'y di naiiba sa pagka-Diyos mo anupa't kahit tatlo'y iisang Diyos na totoo. Ang kadakilaan mong ipinahihiwatig upang aming panaligan ay siya rin naming sinasampalatayanan tungkol sa iyong Anak at Espiritung Banal. Bagama't may tanging pag-iral ang bawat isa, iisang Diyos pa rin ang aming sinasamba, sa kapangyarihang taglay ay walang pagkakaiba.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*–** **Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*–** **Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*–** **Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*–** **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*–** **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Panginoong Hesus na naging tao upang ihayag sa atin ang pag-ibig ng Diyos at ipagkaloob sa atin ang Espiritu Santo. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan

ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Espiritu ng D'yos Anak ang bigay sa ating lahat ng D'yos Amang naghahangad na tayo ay makatawag ng "Ama" sa kanyang habag.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** **–**Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa ng aming buong katauhan ang pagtanggap namin sa mga banal na pinagsaluhan at ang aming pagsamba nang may pananampalatayang lubusan sa Tatlong Persona ng iisang Diyos lamang, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **–Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P*** **–**Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **–At sumaiyo rin!**

***P*** **–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Iligtas nawa kayo ng ating Diyos Ama sa lahat ng panganib at bigyan nawa kayo ng bawat mabuting kaloob.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Puspusin nawa ng Diyos Anak ang inyong mga puso ng pag-ibig sa Diyos Ama at sa lahat ng inyong mga kapwa tao.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Patnubayan nawa kayo ng Espiritu Santo sa inyong buhay, nang nalalaman ang tama at mali, hanggang matamo ninyo ang inyong gantimpala sa langit.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Humayo kayo at magpatotoo sa pag-ibig ng Banal na Santatlo saanman kayo naroroon.

***B*** **–Salamat sa Diyos!**

# SINO BA O ANO BA SIYA?

*Kalakbay at Katoto*

**Malimit kung tayo ay tinatanong kung sino tayo, ang tugon natin ay malayong-malayo sa tanong.** Ako ay isang doctor . . . o ako ay isang inhinyero, o panday, o pintor. Ang tanong na kung sino tayo ay sinasagot natin ng kung ano ang ginagawa natin, ano ang pinagkakaabalahan natin, ang pagsasabi ng kung ano ang papel na ginagampanan natin.

**Ang Kapistahan natin ngayon ay parangal sa Diyos, iisang Diyos na may tatlong Persona – ang tinatawag natin na Banal na Santatlo**. Kung ating tatanungin kung sino ang Diyos, mahirap maghagilap ng sagot. Kung ating tatanungin kung sino ang Diyos ayon sa Biblia, ang tugon ng Biblia ay isang mahabang salaysay – ang salaysay ng kaligtasan ng tao.

Dalawang paraan ang mayroon tayo upang sagutin kung sino tayo. Ang una ay ang nasabi na natin . . . Ako ay isang anluwage . . . Ako ay isang magsasaka. Ang unang paraan ay ang pagsasabi ng papel na ginagampanan natin. Ang ikalawa naman ay ang sagutin nang tahasan kung sino tayo … ang magsabi ng kung ano ang pangalan natin . . . Ako si Mario . . . Ako si Pedro Penduko, o sinoman.

Walang masyadong sinasabi ang parehong tugon. Matapos natin sabihin kung anong papel mayroon tayo, marami pang tanong ang kasunod nito. Kung sasabihin natin naman ang pangalan natin lamang, lalung maraming pang ibang tanong ang susunod dito.

Nguni't may ikatlong paraan upang sagutin ang tanong na ito . . . tulad ng ginawang pagpapahayag sa atin ng Diyos, na napapaloob sa isang mahabang salaysay. **Ito ang unti-unting pagpapakilala ng Diyos sa Kanyang bayan na naganap sa mahabang salaysay ng kaligtasan.**

Hindi ito katumbas lamang ng pagsasabi kung ano ang ginagampanang papel ng Diyos. Hindi ito isang napakalalim na paghihimay ng kung ano ang Diyos tulad nang ginawa ng mga pilosopo sa mahabang panahong nagdaan. Ang una ay isa lamang biograpiya, isang talambuhay. Ang ikalawa ay makapagdudulot lamang ng sagot sa pamamagitan ng paglilista ng mga pangungusap na nagmumula sa "ang Diyos ay hindi ganito . . ." hindi tao . . . hindi madamot . . . Hindi nagbabago, atbp.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

(Our answers are not about what God is, but what God is not.)

Pero tanungin mo ang isang tao tungkol sa kanyang pinakamamahal na ina, ama, anak, o asawa at ang ecsena ay kagya't nag-iiba. Kung ang tanong ay tungkol sa isang taong mahal natin, ang tanong ay hindi ano, o sino, kundi "sino ba si Norma o si Alan para sa iyo?"

**Ito ang tugon ng Diyos sa mahabang kasaysayan ng kaligtasan. Iyan ang dahilan kung bakit ang tugon ng Diyos sa tanong ni Moises ay ika nga ay bitin . . . Ako ang ako nga. Ang Diyos ay nagpahayag sa atin bilang isang Diyos na walang tuldok. Isa siyang pangungusap na walang patlang, walang patid, walang kuhit, walang tuldok. Siya ay isang pangungusap na nagtatapos sa tutuldok . . . sapagka't hindi natin mahuhuli sa iisang salita o pangungusap ang kaganapan ng Kanyang pagka Diyos.**

**Ito ang hiwaga ng Banal na Santatlo . . . iisang Diyos na nakilala natin sa Kanyang pagpapahayag bilang isang kabuuang may tatlong kakanyahan, hindi lamang kaanyuan.**

**Siya ay Diyos para sa atin** . . . Siya ay Ama na ang pag-ibig ay walang hanggan. Siya ay Amang mapanlikha, Diyos na may akda ng buhay, sa mula't mula pa ay Siya na.

**Siya ay Diyos para sa atin . . .** Siya ay Anak na sugo ng Ama, bunga ng pag-ibig ng Ama, na nagkatawang tao para sa atin, upang makipamayan sa atin. Siya ay Diyos na nagkakaloob ng sarili, nagkaloob ng buhay at kamatayan, at muling nabuhay para sa atin, at para sa ating kaligtasan. Siya ay Diyos na Panginoon ng kasaysayan, isinilang, nabuhay, namatay, at muling nabuhay sa ikaluluwalhati ng Ama.

**Siya ay Diyos para sa atin** . . . Siya ay Espiritung sugo ng Ama at ng Anak. Siya ay naghahatid sa kaganapan ng katotohanan, ang tinig ng mga walang tinig, ang lakas ng mga nanghihina, ang apoy na nagpapadaig at nagpapalagablab sa ating kahinaan. Siya ay Diyos ng buhay, ang may akda ng lahat ng kabutihan, ang nagtutulak sa atin sa kabanalan.

**Ang Banal na Santatlo ay hindi isang ngalan, hindi isang anyo, kundi kakanyahan ng Diyos. Ang Banal na Santatlo ay ang iisang Diyos na nagpakilala bilang Tatlong Persona, na may tatlong kakanyahan, bagama't tanging isa lamang ang kalikasan.**

**Mahirap unawain o arukin? Tumpak!** Nguni't hindi para sa atin ang lubos na arukin ang hiwaga ng Diyos. Hindi tayo Diyos tulad Niya. Hindi para sa atin ang siyasatin kung sino Siya. **Ang para sa atin ay sagutin ang pinakamahalagang katanungan – hindi kung ano o sino ang Diyos, bagkus ang sagutin kung SINO BA SIYA PARA SA ATIN?**

Ama, Anak, at Espiritu Santo . . . **Mayroon pa bang dapat hanapin?**

## Imno sa Banal na Santatlo

*Amang dakilang lumikha*
*sa taong*
*Kalarawan ng Diyos*
*sa magandang plano,*
*Puspusin kami*
*ng banal na pag-ibig Mo't*
*alinsunod ang aming*
*mga kalooban sa Iyo.*

*Salitang nagkatawang-tao,*
*sa iyo ay papuri!*
*Sa aming pagkakasala,*
*pinalaya mo kami;*
*Kasama mo kaming namatay*
*at muling nabuhay*
*Sa harap ng Diyos*
*ngayo'y banal na alay!*

*O Banal na Espiritu,*
*dakilang mga dulot mo*
*Sa bawat puso*
*ay pag-ibig mong regalo;*
*Bigyan nawa ng ilaw at biyaya –*
*ang samo namin sa iyo't*
*Puspusin ang mga puso namin*
*sa araw na ito.*

*O Diyos, O Banal na Santatlo,*
*Masunod nawa ang kalooban Mo;*
*Sa Iyong salita,*
*malaya naming mga puso'y*
*Kasama Mo ngayong*
*nahihimlay sa Iyo.*